Miracles
LET HIM BE KNOWN

# Pinagaling ang Taong Maysakit



## WARM-UP

- Magbahagi tungkol sa panahon kung kailan may tumulong sa iyo noong kailangang-kailangan mo. Ano ang nangyari?
- Magkwento tungkol sa panahon kung kailan may nagawa kang bagay na pinagsisihan mo bago ka pa man humingi ng tawad.
- May panahon ba kung kailan may nagawa kang hindi mabuti ang kinahinatnan, at pinagdusahan mo ang naging bunga ng mga nagawa mo? Ano ang nangyari, at paano mo ito hinarap?

## WORD

*8 Sinabi ni Jesus sa kanya, "Tumayo ka, buhatin mo ang higaan mo at lumakad!" 9 Agad na gumaling ang lalaki. Binuhat niya ang higaan niya at lumakad.* **JUAN 5:8–9**

(Basahin din ang **JUAN 5:1–15.**)

Sa Jerusalem, may paliguang tinatawag na Betesda. Ayon sa kwento, gagaling ang sinumang makakalusong sa tubig pagkatapos nitong makalawkaw. Sa paliguang ito, nakita ni Jesus ang isang paralitikong matagal nang naroon, at pinagaling Niya ito. Hindi nagtagal, sinabihan ni Jesus ang lalaki na huwag nang magkasala pa, upang wala nang mas masama pang mangyari sa kanya. Ipinakita ng palatandaang ito kung paano gumagawa si Jesus ng himala para iligtas tayo mula sa bunga ng ating mga kasalanan. Ano ang sinasabi ng palatandaang ito tungkol sa kadakilaan ng biyaya ng Diyos?

## 1 Ang biyaya ng Diyos ay nakakahigit kaysa sa ating paghihirap at kawalan ng pag-asa.

*[5]May isang lalaki roon na 38 taon nang may sakit. [6]Nakita ni Jesus ang lalaki na nakahiga roon at nalaman niyang matagal na itong may sakit. Kaya tinanong siya ni Jesus, "Gusto mo bang gumaling?"* **JUAN 5:5–6**

Ang ibig sabihin ng "nakakahigit" ay "pamalit sa" o "tanggalin at palitan." Nakita ni Jesus ang matagal nang kawalan ng pag-asa ng lalaking paralitiko. Maaaring alam din Niya na ang pisikal na kondisyon ng lalaki ay bunga ng sarili niyang makasalanang gawain. Ngunit nilapitan pa rin ni Jesus ang lalaki at tinanong Niya kung gusto ba nitong gumaling. Hindi lamang para sa pisikal na paggaling ang biyaya ng Diyos, kundi para rin iligtas tayo mula sa pagkakawalay sa Kanya. Kung ikaw ang lalaki, sa tingin mo, paano ka kaya tutugon sa tanong ni Jesus?

## 2 Ang biyaya ng Diyos ay nakakahigit kaysa sa sarili nating pagsisikap.

*[7]Sumagot ang may sakit, "Gusto ko po sana, pero walang tumutulong sa aking lumusong sa tubig kapag kinakalawkaw na ito. Sa tuwing papunta pa lang ako, nauunahan na ako ng iba." [8]Sinabi ni Jesus sa kanya, "Tumayo ka, buhatin mo ang higaan mo at lumakad!" [9]Agad na gumaling ang lalaki. Binuhat niya ang higaan niya at lumakad. . . . [14]Hindi nagtagal, nakita ni Jesus sa templo ang taong pinagaling niya, at sinabihan, "O, magaling ka na ngayon. Huwag ka nang magkasala pa, at baka mas masama pa ang mangyari sa iyo."* **JUAN 5:7–9, 14**

Sinagot ng taong maysakit ang tanong ni Jesus sa pamamagitan ng pagpapaliwanag na walang pwedeng tumulong sa kanya, at hindi rin niya kayang dalhin ang kanyang sarili sa paliguan. Sa sandaling ito, pinatayo siya ni Jesus at pinagaling. Isipin mo na lamang ang ligayang nadama ng lalaki! Kinalaunan lamang inimbitahan ni Jesus ang lalaki na talikuran ang kasalanan upang *wala nang mas masama* pang mangyari sa

kanya. Ipinakita sa atin ng himalang ito na hindi ito tungkol sa ginagawa natin, kundi sa ginawa ni Jesus para sa atin. Ano ang nakasaad sa Mga Taga-Roma 2:4 tungkol sa pagsisisi at sa kabutihan ng Diyos?

## 3 Ang biyaya ng Diyos ay nakakahigit kaysa sa pagiging relihiyoso natin.

*[10]Kaya sinabi ng mga pinuno ng mga Judio sa taong pinagaling, "Hindi ba't Araw ng Pamamahinga ngayon? Labag sa Kautusan ang pagbubuhat mo ng higaan!" [11]Pero sumagot siya, "Ang taong nagpagaling sa akin ang nag-utos na buhatin ko ito at lumakad."*

**JUAN 5:10–11**

Sa panahong iyon, sa isang araw sa isang linggo na kung tawagin ay Araw ng Pamamahinga, ipinagbabawal ang pagtatrabaho o paggawa ng kahit anumang gawain. Labis na detalyado ang mga tuntunin tungkol dito na kahit ang pagtutupi ng higaan sa araw na iyon ay hindi pinapayagan. Sa halip na ipagdiwang ang paggaling ng taong maysakit, nagreklamo ang mga Judio dahil binuhat niya ang higaan niya sa Araw ng Pamamahinga. Ngunit ang biyaya ng Diyos ay higit pa sa pagiging relihiyoso at sa legalismo. Paano tumugon si Jesus sa mga Judio sa Juan 5:17? Ano ang sinasabi nito tungkol sa Kanya?

Ipinakita ng pangatlong palatandaang ito ang mas malaki pang himalang gagawin ni Jesus sa pagkamatay Niya sa krus at pagligtas Niya sa lahat mula sa kapangyarihan ng kasalanan sa ating buhay at sa mga nagiging bunga nito. Ginamit ni Jesus ang palatandaang ito upang ihayag ang dakilang plano Niya para sa lahat ng tao.

## APPLICATION

- Pinalakas ni Apostol Pedro ang loob ng mga mambabasa ng liham niya sa pamamagitan ng pagsabing napagtagumpayan na ni Jesus ang imposible, namatay Siya para sa ating mga kasalanan, at pinagaling Niya tayo sa pamamagitan *ng mga sugat niya* (1 Pedro 2:24). Pinaniniwalaan mo ba ang katotohanang ito? Nais mo bang tanggapin ang kapangyarihan Niyang nakapagliligtas ngayon?
- Mayroon bang bahagi ng buhay mo na higit mong pinanghahawakan kaysa sa ginawa ni Jesus? Humingi ng biyaya sa Diyos para maisuko mo ang bahaging ito ng iyong buhay at para magtiwala ka sa Kanya nang buong puso.
- May kilala ka bang kaibigan o miyembro ng iyong pamilya na nangangailangan ng paggaling? Humanap ng makakasama sa pananalangin para sa paggaling at panunumbalik nila.

## PRAYER

- Purihin ang Diyos para sa mahimala Niyang kapangyarihang nagdadala ng pisikal at espiritwal na paggaling, kahit tila imposible ito o wala nang pag-asa.
- Humingi ng tawad sa Diyos sa pagtitiwala mo sa sarili mong kakayahan, sa halip na sa sagana Niyang biyaya.
- Ipanalangin ang isang taong nangangailangan ng paggaling, pisikal man, emosyonal, o mental. Ipanalangin na gamitin ka ng Diyos bilang daluyan ng Kanyang pag-ibig para sa taong ito.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2023 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Esther Suson, Madel Vanguardia

victory.org.ph